Ang mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 13
Ang Tungkulin ng Simbahan sa Pagdidisiplina sa mga Bata

Ang pagdidisipolo ay mula sa salitang disiplina. Ang pagdidisipolo ay ang paraan ng pasasanay at pagtatag ng mga pangunahing manggagawa at pinuno ng Simbahan. Ang bawat pamilya ay mahalaga para sa simbahan dahil ang pagdidisipulo ay nagsisimula sa tahanan. Sa pasimula, ang simbahan ay may pananagutan na sanayin at turuan ang mga magulang ng katotohanan ng Bibliya kung paano ipatupad ang disiplina sa kanilang pamilya, ang lokal na kapisanan sa simbahan. Ang bawat isang pamilya ay isang kapisanan na bumubuo sa simbahan, at ang simbahan ay may isang mahalagang tungkulin upang gabayan ang mga magulang at tulungan silang maging handa at maalagaan ang mga anak sa isang makadios na paraan.

Ang simbahan din ang nagsisilbing tagapamahala ng kalidad sa bawat pamilya upang ang kasalanan ay hindi magkaroon ng daan upang sirain ang mga tahanan, dungisan ang ibang mga pamilya at mahawaan ang simbahan. Kapag ang maayos na pagdidisiplina ay ipinatupad sa pamilya, ang Cristianong tahanan ay nagsisilbi bilang isang tampok na pagsasanay para sa mga kabataang lingkod ng Dios. Sa kabaligtaran, kung ang disiplina ay hindi ipinatupad nang maaga sa pamilya, ang mga bata ay lalagong walang disiplina, masuwayin o mapaghimagsik. Kaya't ang tungkulin ng Simbahan sa pamilyang iyon sa pagdidisiplina sa mga anak ay nagiging hamon. Kailangang maging wasto ang mga magulang at kumilos nang may pag-iingat sa pagsasabuhay ng disiplina ayon sa Bibliya.

"18 Kung ang isang lalake ay may matigas na loob at mapanghimagsik na anak, na ayaw makinig ng tinig ng kaniyang ama, o ng tinig ng kaniyang ina, at bagaman kanilang parusahan siya ay ayaw makinig sa kanila: 19 Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang bayan, at sa pintuang-bayan ng kaniyang pook; 20 At kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang bayan. Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik, na ayaw niyang dinggin ang aming tinig; siya'y may masamang pamumuhay, at manglalasing. 21 At babatuhin siya ng mga bato, ng lahat ng mga lalake sa kaniyang bayan upang siya'y mamatay: gayon mo aalisin ang kasamaan sa gitna mo; at maririnig ng buong Israel, at matatakot." (Deutronomio 21:18-21 KJV)

1. <u>Ang parehong mga magulang ay kasangkot sa pagdidisiplina sa anak</u>: "Ay hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina," (Deutronomio 21:19 KJV). * Ang kapwa ama at ina ay dapat sumang-ayon sa bawat isa tungkol sa Salita ng Dios at tungkol sa disipina na dapat nilang isagawa sa kanilang mga anak. Sa ilang mga pamilya ang ama ang isa sa nagdidisiplina at namamalo sa mga anak kapag sila'y sumuway ngunit ang ina ay hindi kasangkot at hindi handang gawin iyon. O sa kabaligtaran, ang ina ang nagdidisiplina sa mga anak at ang ama ay hindi kailanman kasangkot at siya ay labag dito. Sa gayong mga kalagayan, ang mga anak ay tumatanggap ng iba't ibang mensahe mula sa mga magulang at dahil dito, ang disiplina ay hindi epektibo ang disiplina at maaring ipagpalagay ng bata na ito'y isang panghihikayat sa paggawa ng mali. Ang mga magulang ay kailangang may pagkakaisa sa pagpapatupad ng disiplina. Kung ang isa sa mga magulang ay nakikipagkompromiso, ang disiplina ay hindi makakatulong sa bata kundi makakasama sa kanya. ***"24 Siyang naguurong ng kaniyang pamalo ay napopoot sa kaniyang anak: nguni't siyang umiibig ay nagpaparusang maminsan-minsan." (Kawikaan 13:24 KJV)***

2. <u>Ang kasalanan ay dapat tukuyin</u>: Sa talatang binanggit sa itaas mula sa Deutronomio, ang kasalanan na binanggit ay katigasan ng ulo, paghihimagsik, hindi pagtugon sa disiplina, katakawan at paglalasing. Ang mga magulang ay dapat may kamalayan tungkol sa mga kasalanan na ginagawa ng kanilang mga anak. Sinasabi ng ilang mga magulang na ang kanilang mga anak ay napakabuti kaya hindi nila kailangang paluin ang mga ito, ngunit iyon ay hindi tama dahil sinasabi ng Bibliya na, ***"15 Ang kamangmangan ay nababalot sa puso ng bata; nguni't ilalayo sa kaniya ng pamalong pangsaway." (Kawikaan 22:15 KJV)*** Kaya't ang bawat magulang ay dapat matuklasan ang mga kakulangan at kasamaan ng kanilang mga anak. Kung ang kasalanan ng isang anak ay hindi malinaw sa mga magulang, dapat silang manalangin at hilingin sa PANGINOON na ipahayag sa kanila upang ang kasalanan ay maharap nang maayos at sa napapanahong paraan. Kapareho, dapat malaman ng bata at maunawaan ang maling mga bagay na nagawa niya at kung bakit siya dinidisiplina.

3. <u>Hindi dapat pagtakpan ng mga magulang ang kasalanan ng kanilang mga anak</u>: Ito ay hindi isang bagay na nakakahiya kung gumagawa ng mali ang mga bata dahil ito ay inaasahan sa mga bata. May mga magulang na pinagtatakpan ang kasalanan ng kanilang mga anak. Ang mga magulang na nagtatakip ng mga kasalanan ng kanilang mga anak ay may pagmamalaki sa kanilang mga puso at sila'y nahihiya na ang kanilang mga anak ay may ginawang mali. Ito ay hindi ganap na nakakahiya para sa mga magulang na ang kanilang mga anak ay may ginawang mali, ngunit ang mali at napakakahiya na ang mga magulang ay hindi hinaharap ang kasalanan ng kanilang mga anak.

4. <u>Ang mga magulang na hindi hinaharap ang kasalanan ng kanilang mga anak ay nagkakasala laban sa PANGINOON</u>: Ipinagkatiwala ng Dios ang mga anak sa mga magulang, na dapat palakihin at sanayin sila na matakot sa PANGINOON, sa kawalang kagustuhan na gawin ang pananagutang ito ay kasalanan dahil sinasabi ng Salita ng Dios, ***"5 At iyong iibigin ang PANGINOON mong Dios ng iyong buong puso, at ng iyong buong kaluluwa, at ng iyong buong lakas. 6 At ang mga salitang ito, na aking iniuutos sa iyo sa araw na ito, ay sasa iyong puso." (Deutronomio 6:5-6 KJV)*** Ang mga magulang na talagang iniibig ang Panginoon ay maikintal, maitatak o ipaulit-ulit ang mga utos ng Dios sa puso at isipan ng kanilang mga anak sa anumang kalagayan, sa anumang gagawin nila, o saan man sila naroroon. Sa bagay na ito kailangan nating isagawa ang tamang disiplina sa ating mga anak, at bilang mga magulang, ito ang kailangan nating gawin nang sapilitan kung tunay nating iniibig ang Panginoon ng buong puso natin, kaluluwa at kalakasan.

5. <u>Kapag ang mga anak ay hindi tumutugon sa pagdidisiplina ng mga magulang ay dapat isangguni sila ng pamilya sa simbahan</u>: Ito ay binanggit sa Banal na Kasulatan na ang bata na hindi nakikinig at sumusunod sa mga magulang pagkatapos nilang disiplinahin siya ay, ***"19 hahawakan nga ng kaniyang ama at ng kaniyang ina at dadalhin sa mga matanda sa kaniyang bayan, at sa pintuang-bayan ng kaniyang pook; 20 At kanilang sasabihin sa mga matanda sa kaniyang bayan. Itong aming anak ay matigas na loob at mapanghimagsik," (Deutronomio 21:19-20 KJV)*** Kung ang batang hindi tumutugon sa pagdidisiplina sa isa sa mga magulang, ang ibang magulang ay dapat tawagin at maging bahagi sa pagsasagawa ng disiplina sa bata. Kung ang bata ay hindi tumutugon sa parehong mga magulang, sa gayon ang bagay ay dapat dalhin sa simbahan. Sa sinaunang buhay ng mga hinirang na bayan ng Dios, ang matatanda sa pintuang bayan ang kanilang mga espirituwal na mga pinuno na katumbas ng pastor at matatanda ng ating Simbahan ngayon. Kaya dapat ipaalam sa pastor at Simbahan at maging kabahagi sa pagdidisiplina sa isang batang matigas ang ulo at mapaghimagsik.

A. Dapat siyasatin ng mga namumuno ng Simbahan ang kapaligiran ng bahay ng bata at alisin ang ilang mga bagay tulad ng TV, mga larong pinapanood, masamang mga laruan, kalaro atbp. Dapat ipaliwanag ng pastor sa mga magulang ang banta at pinanghahawakan ng diablo sa buhay ng bata at tulungan silang alisin ang mga bagay na iyon sa kanilang bahay o sa mga kapaligiran ng bata. Sa ganitong yugto ang bata ay dapat ipanalangin at dapat mabigyan ng maayos na Pag-aaral ng Bibliya at mga utos mula sa Salita ng Dios upang ipakita sa kanya ang mali niyang ginagawa sa isang mas malawak na paraan. ***"1 Mga kapatid, kung ang sinoman ay masumpungan sa anomang pagsuway, kayong mga sa espiritu, ay inyong papanumbalikin ang gayon sa espiritu ng kahinhinan; na iyong pagwariin ang iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso." (Galacia 6:1 KJV KJV)***

B. Ang Simbahan at ang pamilya ay kailangang nasa iisang espiritu upang pigilan at disiplinahin ang bata. ***"2 Mangagdalahan kayo ng mga pasanin ng isa't isa, at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo." (Galacia 6:2 KJV)*** Kung ito ay kinakailangan na ang bata ay paluin ng matatanda ng simbahan para pigilan siya sa gayon kailangang gawin ang bagay na ito, upang ang iba pang bata na marinig ay maging mabait at makinig sa kanilang mga magulang. ***"11 At maririnig ng buong Israel, at matatakot, at hindi na gagawa ng anomang kasamaan pa na gaya nito sa gitna mo." (Deutronomio 13:11 KJV)*** Tunay na kapag may patakaran sa simbahan na inilalapat para tulungan ang mga magulang na disiplinahin ang kanilang mga anak, ang mga bata ay matatakot na sumuway sa kanilang mga magulang at sila'y magpapakabuti dahil sila'y mahihiya na malantad sa Simbahan.

C. Ilang kasalanan na kinasasangkutan ng mga kabataan at tinedyer ng mga Cristianong magulang ay dapat harapin nang matatag, ayon sa ***1 Corinto 5:11-13, "11 Datapuwa't sinusulatan ko nga kayo, na huwag kayong makisama sa kanino mang tinatawag na kapatid, kung siya'y mapakiapid, o masakim, o mananamba sa diosdiosan, o mapagtungayaw, o manglalasing, o manglulupig; sa gayo'y huwag man lamang kayong makisalo. 12 Sapagka't ano sa akin ang humatol sa nangasa labas? Hindi baga kayo nagsisihatol sa nangasa loob? 13 Datapuwa't sa nangasa labas ay Dios ang humahatol. Alisin nga ninyo sa inyo ang masamang tao."*** * Ang kabataan o tindeyer na gumagawa ng pangangalunya o anumang uri ng immoralidad, pagnanakaw, pandaraya, na pag-iinom o gumagawa ng mapusok na mga bagay at ayaw magsisisi ay hindi dapat panatilihin sa loob ng kapaligiran ng pamilya. Ipinapayo ng simbahan na alisin ang nagbibinata o nagdadalaga bata mula sa kanilang bahay at hindi dapat bigyan na anumang suporta hanggang siya ay magsisi o talikuran ang ganoong kasalanan. Dapat ibigin ng mga magulang ang Dios nang higit kaysa sa kanilang mga anak at hindi dapat tulungan ang kanilang mga anak kung sila'y may ginagawang nakakahiyang kasalanan. Ang mga magulang ay dapat manindigan kasama ng PANGINOON at huwag makipagkompromiso sa kanilang kasamaan, ang ganoong mga magulang ay hindi dapat mahiya sa masamanag ginagawa ng kanilang mga anak dahil ginawa nila ang kanilang tungkulin, at dapat tulungan sila ng simbahan sa espirituwal, aliwin sila at hikayatin sila na magpatuloy na gawin ang kanilang ministerio at paglilingkod sa Dios.

D. Kung ang nagbibinata o nagdadalagang bata o tinedyer ay hindi tumugon sa paran ng Simbahan kung gayon siya ay ibibilang na hindi mananampalataya. Sa ganitong paraan sisimulan ng simbahan na turuan at salitain sa kanya ang Salita ng Dios. Dapat ipagpatuloy ng Simbahan na ipanalangin at pag-aralan ang sikolohiya ng

natatanging batang iyon at sikaping ibalik siya sa kung ano ang tinatanggap at inaasahan ng disiplina at mabuting pag-uugali. Ang palaging pagbisita at Pag-aaral ng Biblya ay dapat ibigay sa pamilya ng may tanging pagsasaalang-alang patungkol sa batang hindi tumutugon.

E. Ang mga magulang na pinapayagan ang kasalanan ng kanilang mga anak at patuloy na sinusupotahan ang kanilang hindi nagsisising nagbibinata o nagdadalagang bata na gumagawa ng mga pangangalunya, imoralidad, pagnanakaw, pandaraya, paglalasing, o paggawa ng mapusok na mga bagay, ay hindi dapat pahintulutan ng Simbahan bilang isang maharlikang seserdote o mga manggagawa sa simbahan. Ang gayong ministerio ng mga magulang sa simbahan ay hindi dapat magpatuloy. Sinabi ng Panginoon, ***"37 Ang umiibig sa anak na lalake o anak na babae ng higit kay sa akin ay hindi karapatdapat sa akin." (Mateo 10:37 KJV)*** Ang mga magulang na hindi magawang pangasiwaan ang kanilang pamilya at mga anak ay hindi karapat-dapat maging maharlikang mga seserdote o lingkod ng Dios. Kaya ang isang matatanda o diakono o isang lingkod ng Dios, ***"4 Namamahalang mabuti ng kaniyang sariling sangbahayan, na sinusupil ang kaniyang mga anak na may buong kahusayan;" (1 Timoteo 3:4 KJV)***

Ating isaalang- alang ang ibang Kasulatan patungkol sa tuntunin ng pagsasangguni sa Simbahan, ang bata na hindi tumutugon sa disiplina: ***"15 At kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo, pumaroon ka, at ipakilala mo sa kaniya ang kaniyang kasalanan na ikaw at siyang magisa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi ka sa iyong kapatid. 16 Datapuwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. 17 At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesia: at kung ayaw rin niyang pakinggan ang iglesia, ay ipalagay mo siyang tulad sa Gentil at maniningil ng buwis." (Mateo 18:15-17 KJV)*** Ang ating anak na ipinanganak na muli ay ang ating mga kapatid sa Panginoon. Ang mga magulang na nakatuklas ng maling-ginagawa ng kanilang mga anak ay dapat magmadaling harapin at salitain sa kanila at ipaliwanag sa kanila ang bunga o kaparusahan ng kasalanang iyon. Kung ang bata ay hindi tumugon, sa gayon ang parehong mga magulang ay dapat kausapin siya upang maabot ang isang pasya. Kung ang suliranin ay hindi naayos, ito'y dapat isangguni sa Simbahan upang isalapat ang karampatang disiplina sa bata.

Ang paraang ito ng pagsasangguni sa Simbahan sa mga batang walang disiplina at magpaghimagsik ay dapat pairalin upang ang mga pamilya at ang ibang mga kasapi ng simbahan ay hindi mahawa at masira. Ang Salita ng Dios ay malinaw na ipinapakita sa atin ang Kanyang mga daan at hikayatin tayo sa katotohanan na kailangan nating sundin. Maaring sabihin ng ilan, ***"60 Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?" (Juan 6:60 KJV)?*** Oo totoo sasabihin ng ilan, ***"Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?"*** Ngunit ating alalahanin na ang katotohanan ang magpapalaya sa atin. Kung hindi natin haharapin ang kasalanan at tatanggapin ang Salita ng Dios bilang lunas, ang ating pamilya ay palaging nasa pagka-alipin ng kasalanang iyon. Maraming mga pamilya at simbahan ang winasak sa pamamagitan ng kasalanan dahil walang sinuman ang handang manindigan sa katotohanan at disiplinahin ang mga anak. Ngunit kapag ang kagustuhang sumunod at umiral ang paraan na tulungan ang mga magulang na ipatupad ang disiplina sa bata, ang ating mga anak ay tuturuan kumilos nang mabuti at gumawa nang naayon sa Salita ng Dios. Ang ating mga anak ay magiging tunay na mga Alagad ni Cristo, at makakatiyak tayo na ang ating makadios na salinlahi ay magpapatuloy. Ngunit kung ang disiplina ay hindi ipatutupad sa ating mga tahanan at sa ating simbahan, sasamantalahin ng diyablo at darating ang pagkasira ng buhay ng maraming pamilya at mga anak. Kaya nanatili ang hamon na ipatupad ang disiplina o turuan ang mga bata na sundin ang mga Tuntunin ng Dios. Bilang mga maharlikang mga seserdote at namumuno ng simbahan, ating gampanan ang ating tungkulin na ipatupad ang Disiplina sa Bibliya upang idipulo ang darating na salinlahi.

Sa aking mahal at minamahal: Lumapit tayo ngayon sa Dios ipinapangako ang ating sarili na ipatupad ang pinag-aralan natin sa mensaheng ito sa buhay ng mga pamilya sa ating simbahan. Maging handa tayo na disiplinahin ang ating mga anak, kabataan, at mga nakababata sa pakikiharap sa mga kasalanang kanilang nagagawa. Huwag natin silang pahintulutang magkamali o takpan ang kanilang mga kasalanan, o makiisa sa kanila sa paggawa nito, kundi maging handa tayong sundin ang mga paraan ng Dios at harapin ang kanilang mga kasalanan. Tanggapin natin ang hamong ito na inilagay sa atin ng Salita ng Dios, nagtitiwala na tutulungan Niya tayo na harapin ang kanilang mga kasalanan, at bibigyan Niya tayo ng kinakailangang karunungan upang makapaglingkod sa kanila hanggang sa sila ay malinis mula sa kanilang kamangmangan.

Manalangin tayo….

Ang aking Panalangin: *Amang Dios Ako'y lumalapit s aiyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na natanggap ko sa mensaheng ito na ipinakita sa akin ang paraan kung paano harapin ang kasalanan ng aking mga anak at ang halaga ng pagiging nasa iyong simbahan na makakatulong sa akin na gawin ito. Panginoon, salamat sa aking pamilya at sa mga anak na ibinigay mo sa akin at salamat sa lahat ng iyong mga kaloob at tulong sa aking buhay.*

Lumapit ka ngayon sa Dios, magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Magsisi at talikuran ang iyong pagiging hindi handa na disiplinahin ang iyong mga anak at ang iyong pagtanggap sa kanilang mga ginagawa. Magsisi at talikuran ang iyong pagiging hindi handa na ibahagi ang iyong buhay at mga problema ng pamilya sa simbahan at humingi ng tulong mula sa kanila. Magsisi at talikuran ang kakulangan ng sambahayan ng pamilya, panalangin at pagbabasa ng Bibliya kasama sila. Magsisi sa pakikipagsama sa mga hindi nananampalataya at sa paglalaan ng maraming oras sa mga kaibigan, sa Media, Balita at laro. Magsisi sa pagpapakita ng masamang halimbawa sa iba. Magsisi sa pagiging hindi handang maglingkod sa Dios at magtiis para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, ako ay nagsisisi at tinatakwil ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na simulan ang pagdidisiplina sa aking mga anak at magtakda ng mga patakaran na kanilang susundin. Panginoon, iniaalay ko rin ang aking buhay at ang aking pamilya sa simbahan at hinihingi ang kanilang mga payo at tulong para disiplinahin ang aking mga anak at malinis sila sa kanilang mga kasalanan. Panginoon, hinihiling ko sa Iyo na bigyan mo ako ng karunungan kung paano harapin ang bawat isa sa aking mga anak. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na magkaroon ng pang-araw-araw na pagsamba ng pamilya, magbasa ng Bibliya at magdasal kasama sila. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na maging mabuting tagapangalaga ng lahat ng yaman na Iyong ibinibigay sa akin at maging magandang halimbawa para sa aking pamilya na sundan. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili sa paglilingkod sa Iyo at gampanan ang aking bahagi sa pagpapatatag ng Iyong simbahan.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at ipinangako na disiplinahin ang kanilang mga anak at ibahagi sa simbahan ang mga pagsubok na kanilang nararanasan kasama nila. Panginoon, tulungan mo sila sa kanilang mga pakikibaka sa kanilang mga anak, tulungan mo silang makamit iyon, gantimpalaan ang kanilang pagsunod, pakinggan ang kanilang mga panalangin, protektahan sila at tugunan ang kanilang mga pangangailangan upang patuloy silang makapaglingkod sa Iyo. Panginoon, dalangin ko para sa mga hindi pa nagsisisi na patuloy mong hatulan sila hanggang sa maging handa silang disiplinahin ang kanilang mga anak at ganap na sumunod sa Iyong kalooban.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang Iyong simbahan, at tulungan mo kaming patuloy na panatilihin ang sistema ng disiplina sa mga bata sa aming simbahan. Panginoon, gabayan mo kami sa pagtulong sa mga pamilyang handang tulungan. Panginoon, ipinagkakatiwala namin sa Iyo ang mga magulang na ayaw disiplinahin ang kanilang mga anak, Ikaw na ang magdidisiplina sa kanila. Panginoon, dalangin namin na gabayan mo kami ng Banal na Espiritu patungo sa mga bagong pamilya na nangangailangan ng ganitong ministeryo upang matulungan sila sa kanilang mga pakikibaka sa kanilang mga kabataan at anak. Panginoon, dalangin namin na magkaroon ng mas maraming maka-Dios na pag-aasawa at mabuo ang mas maraming maka-Dios na pamilya. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espirituwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy, mangaral, gumawa ng alagad, at sanayin ang mga bagong manggagawa na magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Ang mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 13. Ang Tungkulin ng Simbahan sa Pagdidisiplina sa mga Bata Deuteronomio 21:18-21. Kawikaan 13:24. Kawikaan 22:15. Deuteronomio 6:5-7. Mga Gawa 6:1-2. Deuteronomio 13:11. 1 Corinto 5:11-13. Mateo 10:37. 1 Timoteo 3:4. Mateo 18:15-17. Juan 6:60.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com